THE
GOSPEL
EXPLAINED

# Pagiging Makasalanan

WEEK 2

## WARM-UP

- Kapag labis ka nang nagagalit, ano ang isang bagay na nakakapagpakalma sa iyo?
- Naranasan mo na bang magbigay ng mga pagdadahilan matapos mong makagawa ng pagkakamali? Ano ang nangyari?
- Ibahagi ang isang pagkakataon kung saan sa halip na matanggap ang galit na inaasahan mo, pagmamahal at pagpapatawad ang natanggap mo mula sa isang tao.

## WORD

18 *Ipinapahayag ng Diyos mula sa langit ang kanyang poot sa lahat ng kasamaan at kalapastanganang ginagawa ng mga tao, na siyang pumipigil sa kanila para malaman ang katotohanan tungkol sa Diyos.* 19 *Sapagkat ang katotohanan tungkol sa Diyos ay malinaw sa kanila dahil inihayag ito sa kanila ng Diyos.* 20 *Totoong hindi nakikita ang Diyos, pero mula pa nang likhain niya ang mundo, ang kanyang walang hanggang kapangyarihan at pagka-Diyos ay naipahayag sa mga bagay na ginawa niya; kaya wala silang maidadahilan.* **MGA TAGA-ROMA 1:18–20**

(Basahin din ang **MGA TAGA-ROMA 1:21–2:5.**)

Minsan, hindi natin napahahalagahan ang mabubuting bagay dahil hindi natin nakikita na kailangan natin sila. Hindi natin mapahahalagahan ang Magandang Balita kung hindi natin alam kung gaano kasama ang sitwasyon na kinalalagyan natin. Marahil, ito ang dahilan kung bakit ipinaliwanag ni Pablo ang ebanghelyo sa pamamagitan ng pagsabi sa mga nakikinig sa kanya na kailangan nila ito. Ngayon, titignan natin kung bakit natin kailangan ang ebanghelyo.

## 1 Tayo ay makasalanan.

*Ipinapahayag ng Diyos mula sa langit ang kanyang poot sa lahat ng kasamaan at kalapastanganang ginagawa ng mga tao, na siyang pumipigil sa kanila para malaman ang katotohanan tungkol sa Diyos.* **MGA TAGA-ROMA 1:18**

Lahat tayo ay nangangailangan ng katuwiran na napapasaatin sa pamamagitan ng pananampalataya kay Jesu-Cristo dahil tayo ay makasalanan at hindi natin kayang maabot ang pamantayan sa pagiging matuwid na itinakda ng Diyos. Lahat tayo ay nagkasala sa ating pag-iisip, salita, at kilos laban sa Diyos at sa mga tao. Maging ang mga mabubuti at matutuwid nating ginagawa ay hindi sapat at hindi katanggap-tanggap (Isaias 64:6). Ano ang sinasabi ng Mga Taga-Roma 3:10,18 tungkol sa ating kondisyon?

## 2 Karapat-dapat nating matanggap ang poot ng Diyos.

*18 Ipinapahayag ng Diyos mula sa langit ang kanyang poot sa lahat ng kasamaan at kalapastanganang ginagawa ng mga tao, na siyang pumipigil sa kanila para malaman ang katotohanan tungkol sa Diyos. . . . 32 Alam nila ang utos ng Diyos na dapat parusahan ng kamatayan ang mga taong gumagawa ng mga kasalanang ito, pero patuloy pa rin silang gumagawa nito, at natutuwa pa sila na ginagawa rin ito ng iba.* **MGA TAGA-ROMA 1:18,32**

Dahil sa tayo ay hindi matuwid, karapat-dapat tayong makatanggap ng makatarungang paghatol ng Diyos. Hindi lamang ito tumutukoy sa poot ng Diyos sa hinaharap, kundi sa poot na ipinahayag Niya sa kasalukuyan. Ang mga taong patuloy sa paggawa ng kasalanan ay ipinapaubaya na Niya sa kanilang kasalanan kung saan nararanasan nila ang buong epekto at pagkawasak na idinudulot nito sa kanilang buhay. Hindi natin maililigtas ang ating mga sarili sa poot ng Diyos. Ito ang ating sitwasyon na walang pag-asa. Ano ang solusyon ng Diyos sa sitwasyon nating ito?

## 3 Sa kabila ng lahat, ipinakita ng Diyos ang Kanyang kabutihan.

*[3,4]Pero sino ka para humatol sa iba kung ikaw mismo ay gumagawa rin ng mga iyon? Ang akala mo ba'y makakaligtas ka sa hatol ng Diyos dahil alam mong siya'y mabuti, matiyaga at mapagtimpi? Dapat mong malaman na ang Diyos ay mabuti sa iyo dahil binibigyan ka niya ng pagkakataong magsisi sa mga kasalanan mo.* **MGA TAGA-ROMA 2:3,4**

Bagama't dapat nating matanggap ang kabuuan ng poot ng Diyos dahil sa ating kasalanan, pinakikitaan Niya tayo ng awa at ipinapahayag Niya ang Kanyang kabutihan at pasensya sa atin. Tayo ay patuloy na pinagpapala ng Diyos habang tinutugunan Niya ang lahat ng ating pangangailangan at ibinubuhos sa atin ang Kanyang pagmamahal. Subalit hindi ito nangangahulugan na maaari na tayong magpatuloy sa paggawa ng kasalanan. Sa halip, ang kabutihan ng Diyos ay dapat na umakay sa atin upang mamuhay hindi para sa ating sariling mga ambisyon, kundi para sa plano Niya para sa atin. Dapat tayong tumalikod sa kasalanan, lumapit sa Diyos, at sumunod sa Kanya hanggang sa dulo ng ating buhay. Ano ang hinahangad mo, ngayong alam mo nang may layunin ang Diyos sa iyong buhay?

## APPLICATION

- Dala ang kaalaman na ipinapakita ng Diyos ang Kanyang awa sa atin, paano ka mas makapagpapakita ng awa sa mga nasa paligid mo? Mayroon ka bang kailangang patawarin o mas pakitaan ng pagmamahal?
- Ano ang maaari mong gawin ngayong linggo upang patuloy na gawin ang kagustuhan ng Diyos sa buhay mo? Sino ang maaari mong hingan ng tulong upang maisapamuhay ito?
- Dala ang kaalaman na tayo ay makasalanan at nararapat ng tumanggap ng poot ng Diyos kung wala si Jesus, isipin ang isang tao na kailangang isuko ang kanyang buhay kay Jesus ngayong linggo. Makipagkita sa taong ito at mangakong ibabahagi ang tungkol sa ginawa ni Jesus sa krus para sa kanya.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagmamahal sa iyo kahit pa ang nararapat mong matanggap ay ang Kanyang poot. Ipanalangin na tulungan ka ng Diyos na ipakita ang pagmamahal Niya sa mga tao sa paligid mo, maging sa mga taong mahirap mahalin.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng buhay mo kung saan pinagsusumikapan mong maging matuwid. Hingin sa Kanya ang kakayahan at kapangyarihan upang matulungan kang mamuhay sa paraang nakalulugod sa Kanya.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang ibahagi ang Kanyang awa sa iyong mga kapamilya at kaibigan. Ipanalangin na makita nila na kailangan nila ng Tagapagligtas at magkaroon ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang ginawa ni Jesus para sa kanila.

## NOTES

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2020 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph